Ang sinumang nagdala laban sa atin ng sandata ay hindi kabilang sa atin."}

Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagdala laban sa atin ng sandata ay hindi kabilang sa atin."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagbibigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagdadala ng sandata laban sa mga Muslim para sa pagpapangamba sa kanila o pagdambong sa kanila. Kaya ang sinumang gumawa niyon nang walang karapatan, nakagawa nga siya ng isang malaking krimen at isang malaking kasalanan kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala at naging karapat-dapat nga siya sa matinding bantang ito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2997